# Matatapos na ang Pederal na mga Benepisyo sa Pagkawala ng Trabaho

## Mag-aplay para sa Mahahalagang Tulong sa Pagkain, Bahay, Utilidad, at Pangangalagang Pangkalusugan

Pagkaraan ng Setyembre 4, 2021, ang pederal na mga benepisyo sa pagkawala ng trabaho ay matatapos na. Kung ikaw ay tumatanggap ng mga benepisyong ito tatanggap ka ng paunawa tungkol sa epekto sa iyong claim. Alam namin na ang pandemikong ito ay naging mahirap sa maraming manggagawa at sa kanilang mga pamilya at ikaw ay tiyak na hindi nag-iisa. Iyon ang dahilan kung bakit gusto naming masiguro na alam mo na maaaring kuwalipikado ka para sa ilang programang makakatulong na masaklaw ang iyong mga gastos sa pagkain, bahay, utilitidad, at pangangalagang pangkalusugan.

### Kung ang iyong pederal na mga serbisyo sa pagkawala ng trabaho ay matatapos na, ikaw ay hinihimok na mag-aplay para sa mahahalagang programang ito na pinalawak ng American Rescue Plan:

- Hanggang $234 kada tao kada buwan sa tulong na pagkain sa pamamagitan ng CalFresh (GetCalFresh.org) nagtatrabaho ka man o hindi.
- Tulong sa renta at utilidad sa pamamagitan ng Housing is Key (HousingIsKey.com). Bayaran ang 100 porsiyento ng renta at mga utilidad. Kontakin ang sentro ng pagtawag ng Rent Relief: 1-833-430-2122
- Ang mga Taga-California ay maaaring mag-aplay nang diretso sa ahensiya ng mga serbisyong pantao ng county para sa tulong na pera at mga serbisyo para sa mga pamilyang may mga anak (CalWORKs), tulong na pagkain (CalFresh), at libreng health insurance (Medi-Cal) sa pamamagitan ng BenefitsCal.org.
- Segurong Pangkalusugan—para sa kasingbaba ng $1 kada buwan para sa mga manggagawa na tumanggap ng mga benepisyo sa pagkawala ng trabaho, sa pamamagitan ng Covered California (CoveredCA.com).

### Aling pederal na mga benepisyo sa pagkawala ng trabaho ang matatapos sa Setyembre 4, 2021?

- Pandemic Unemployment Assistance (PUA) na nilikha para mga manggagawang nagtatrabaho sa sarili at iba pang hindi kuwalipikado para sa regular na Unemployment Insurance (UI) ng estado.
- Pandemic Emergency Unemployment Compensation (PEUC) na nagkakaloob ng mga karagdagang linggo ng mga benepisyo sa pagkawala ng trabaho na higit sa basikong 26 na linggo ng regular na UI ng estado.
- Pandemic Additional Compensation (PAC), kilala rin bilang Federal Pandemic Unemployment Compensation (FPUC), na nagkakaloob ng ekstrang $300 kada linggo ng mga benepisyo para sa mga manggagawang tumatanggap ng PUA, PEUC, FED-ED, at regular na UI ng estado.
- Suplementong Mixed Earner Unemployment Compensation (MEUC) na nagkakaloob ng ekstrang $100 kada linggo sa mga benepisyo para sa tumatanggap ng regular na UI ng estado na kumita ng hindi bababa sa $5,000 sa pagtatrabaho sa sarili.

TANDAAN: Ang isang nakahiwalay na pagpapalawig ng mga benepisyo ng regular na UI na kilala bilang FED-ED ay hindi na makukuh pagkaraan ng Setyembre 11, 2021.

**Para sa tulong sa paghahanap ng kapaki-pakinabang n trabaho, pagsasanay para sa trabaho, at ibang mga serbisyong kaugnay ng pagtatrabaho, ikaw ay hinihimok na gamitin ang mga sumusunod na tagatulong ng Employment Development Department (EDD) resources:**

- CalJOBS℠ (CalJOBS.ca.gov) ay ang online, walang-bayad na birtuwal na sentro ng trabaho ng estado na kabilang ang higit sa isang milyong nakalistang trabaho mula sa mga pribadong lupon ng trabaho at mga lugar ng pagkuha ng empleyado.
- Ang tulong sa paghahanap ng trabaho, pagsusulat ng resume, paghahanda sa interview, at akses sa pagsasanay para sa trabaho ay makukuha sa pamamagitan ng mga lokasyon ng America's Job Center of California (edd.ca.gov/office_locator) sa buong estado.
- Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga serbisyong makukuha, tingnan ang webpage ng EDD na Returning to Work (edd.ca.gov/return-to-work.htm).